



Naway ilayo sa sugat at sakit sa lalamunan, Nakapagsagawa ba siya ng Tawaf [na Al-Ifadah] sa araw ng Ritwal na Pagkatay? Sinabi sa kanya: Oo, Nagsabi siya: Lumabas ka

Ayon kay `Ā'ishah, malugod si Allāh sa kanya- siya ay nagsabi: ((Nagsagawa kami ng Hajj kasama ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Nagsagawa kami ng [Tawaf] na Ifadah sa Araw ng Ritwal na Pagkatay, Dinatnan ng Regla si Safiyyah, Inibig ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa kanya ang tulad ng iniibig ng isang lalaki sa kayang asawa, Nagsabi ako: O Sugo ni Allah, Siya ay may Regla. Nagsabi siya: Ang nakakapagpigil ba sa atin ay siya? Nagsabi sila: O Sugo ni Allah, O Sugo ni Allah Tunay na siya ay nakapagsagawa na ng [Tawaf] na Ifadah sa Araw ng Ritwal na Pagkatay, Nagsabi siya: Lumabas kayo)) At sa isang pananalita: Nagsabi ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-: ((Naway ilayo sa sugat at sakit sa lalamunan, Nakapagsagawa ba siya ng Tawaf [na Al-Ifadah] sa araw ng Ritwal na Pagkatay? Sinabi sa kanya: Oo, Nagsabi siya: Lumabas ka))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Nabanggit ni `Aishah malugod si Allah sa kanya na sila ay nagsagawa ng Hajj kasama ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa Hajj ng Pamamaalam, At nang matapos sila sa Ritwal na Sakripisyo, Umalis sila [mula sa Arafah] at nagsagawa sila ng Tawaf sa Bahay ni Allah, At kasama nila ang asawa niya na si Sufiyyah malugod si Allah sa kanya-At nang sumapit ang gabi na Pang-indibidwal, [Dinatnan ng Regla] si "Sifiyyah", Dumating ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na iniibig sa kanya ang tulad ng iniibig ng isang lalaki sa kanyang asawa, Ipinahayag sa kanya ni `Aishah na siya ay may regla, Inakala niya-Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na dinatnan siya ng Regla ng una kaya hindi siya nakapagsagawa ng Tawaf na Ifadah. Sapagkat ang Tawaf na ito ay isa sa mga Haligi, hindi magiging ganap ang pagsasagawa ng Hajj kung wala ito, At pipigilan mo sila sa paglabas sa Meccah hanggang sa siya ay maging malinis at makapagsagawa ng Tawaf, Nagsabi siya ng salitang ito na naging kilala na siyang sinasabi sa dila na walang halong layunin sa kahulugan nitong totoo, "Naway ilayo sa sugat at sakit sa lalamunan," Nagsabi siya:-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Ang nakakapagpigil ba sa amin dito ay siya, hanggang sa matapos ang pagreregla niya at makapagsagawa ng Tawaf niya sa Hajj? Ipinahayag nila sa kanya na siya ay nakapagsagawa na ng Tawaf na Al-Ifadah, bago pa siya madatnan ng Regla, Nagsabi siya: Kung gayon ay lumabas na siya, sapagkat wala ng natitira sa kanya maliban sa Tawaf na pamamaalam, At siya ay may mabigat na dahilan sa pag-iwan nito.

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

